

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inilulunsad ng Service Brampton ang pushout notifications para mas mapaganda ang serbisyo para sa mga residente

BRAMPTON, ON (Enero 27, 2022) – Ipinagpatuloy ng Service Brampton ang paggawa ng mga pagpapahusay para mapaglilingkuran ang mga residente ng Brampton, sa paglulunsad ng pushout notifications sa 311brampton.ca at 311 mobile app sa araw na ito.

Maaari na ngayong piliin ng mga residente na tumanggap ng mga abiso tungkol sa estado ng Service Request mula sa oras nang isumite ito hanggang sa ito ay matapos. Magpapahintulot ito sa mga residente na malaman ang estado ng kanilang hiling nang hindi na kumontak pa sa 311 team.

Paggamit ng 311 Mobile App at Website ng Service Brampton

Ang 311 mobile app at ang mga online request ay nagbibigay ng madalas access ng mobile sa impormasyon, mga submisyon, at pagsusubaybay ng request para sa:

- Mga serbisyo ng pagpaparada at mobile licensing
- Mga concern sa propyedad at pagpapatupad ng munisipyo
- Kalat at graffiti
- Mga parke at trail
- Mga daan at mga sidewalk
- Mga karatula at streetlights
- Mga serbisyo sa punong-kahoy
- Ang Brampton Plow Tracker at mga serbisyo ng paglilinis ng niyebe

Ang 311 Brampton app ay maaaring i-download sa araw na ito sa App Store o sa pamamagitan ng Google Play. Maaari ring gamitin ng mga residente ang bagong tracking feature na ito sa 311brampton.ca.

Manatiling Konektado

Ang Service Brampton ay mabilis at madaling makakaugnayan sa pamamagitan ng smartphone, online, o sa pamamagitan ng pagtawag sa 311. Available ang customer service 24 na oras kada araw, pitong araw bawat linggo, sa higit sa 150 wika.

- Bumisita online sa 311Brampton.ca
- I-download ang 311 Brampton app sa App Store o Google Play
- I-dial ang 311 mula sa loob ng Brampton city limits (905.874.2000 sa labas ng city limits)
- Mag-email sa 311@brampton.ca

Ang mga residente ay madali ring makakabisita sa mga lokasyon ng Service Brampton sa buong lungsod para humiling ng mga serbisyo at kumpletuhin ang iba't ibang transaksyon kabilang ang

pagpapatala para sa pagpapatala sa paglilibang, mga pagbabayad sa tiket sa pagparada, hindi cash na mga buwis. Kabilang sa mga lokasyon ang:

- City Hall
- Brampton Civic Centre
- Susan Fennel Sportsplex
- Cassie Campbell Community Centre
- Gore Meadows Community Centre

Mga Quote

Ang “Brampton ay isang Lungsod na Mabuti ang Pagtatakbo, at dedicated kami na patuloy na pahasayin ang mga operation para mas mapaglingkuran ang ating komunidad. Hinihikayat ko ang mga residente na saliksikin ang 311brampton.ca at ang 311 mobile app, at makipag-ugnayan sa aming team para sa kanilang mga pangangailangan sa munisipyo. Narito kami para paglingkuran kayo 24/7.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang ating Service Brampton team ay patuloy na naghahanap ng mga paraan para mas mapaganda ang pakikipag-ugnay sa ating mga residente, at mas pagandahin ang mga serbisyong ibinibigay natin, para matugunan ang mga pangangailangan ng ating komunidad. Ang bagong pushout notifications ay magpapanatili sa mga residente na updated sa kanilang mga hiling na serbisyo, para malaman nila kung nasaan tayo sa paglilingkod sa kanila, bawat hakbang.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal Wards 1 at 5, Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Sa Lungsod ng Brampton, nagsisikap tayo na maghatid ng napakahusay at kumbinyenteng mga serbisyo para sa mga residente at mas pagandahin ang kanilang araw-araw na buhay. Ang ating dedicated na Service Brampton team ay palaging naririyon, sa alinmang paraan na mas kumbinyente, para makatulong sa Bramptonian at mapanatili silang may-alam. Ang bagong 311 pushout notifications ay mas magpapaganda lamang sa karanasang iyon, nagbibigay ng napapanahong update para sa mga residente habang nagsisikap tayo na mapaglingkuran sila, nang mabilis at mahusay.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod Wards 7 at 8, Vice Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang aming team sa Lungsod ng Brampton ay committed sa paghahatid sa Prayoridad ng Termino ng Konseho: ang Brampton ay isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo, at gumaganap ng mahalagang papel ang Service Brampton dito. Sa mas pagpapaganda ng aming serbisyo para maibigay ang pushout notifications sa 311 website at sa 311 mobile app, ang aming mga residente ay kumbinyenteng mananatiling may alam habang ginagawa namin ang kanilang mga hiling.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*



Media Release

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca